DepEd Advisory No. 77, s. 2014
February 14, 2014
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

LAKBAY-TURO 2014: SEMINAR-WORKSYAP NG SANGGUNIAN SA FILIPINO (SANGFIL)

Ang Sanggunian sa Filipino (SANGFIL), sa pakikipagtulungan ng Mariano Marcos State University (MMSU) ay magdaraos ng Lakbay-Turo 2014 sa pamamagitan ng Seminar-Worksyap na may temang *Ang Bagong Kurikulum sa Filipino at Araling Panlipunan: Mga Estratehiya at Paghahanda ng Kagamitang Panturo* sa Pebrero 25, 2014 sa Mariano Marcos State University, Batac, Ilocos, Norte.

Ang layunin ng Lakbay-Turo Seminar-Worksyap ay ang mga sumusunod:

1. makapaglatag ng mga *lesson exemplar* sa integrasyon ng kultura kaugnay ng pagtuturo sa batayang edukasyon at kolehiyo;
2. makapagmungkahi ng mga bagong estratehiya sa pagtuturo kaugnay ng mga pagbabago sa kurikulum ng elementarya, hay-iskul at kolehiyo; at
3. magpakilala ng mga bagong konsepto at kalakaran sa paghahanda at pagpapalimbag ng mga pananaliksik sa iba't ibang disiplina at pagtuturo.

Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan mula sa elementarya, sekundarya, at tersarya sa Filipino at Araling Panlipunan ng bawat kolehiyo at unibersidad ay inaanyayahang dumalo sa gawaing ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kina:

- Dr. Francisca A. Nicolas
  Direktor
  Sanggunian sa Filipino (SANGFIL)
  Mariano Marcos State University
  Batac City, Ilocos Norte
  Mobile Phone Blg.: 0908-862-3745
  Email Address: franciscajimy@yahoo.com

- Dr. Jane K. Lartec
  Katuwang na Direktor ng Seminar-Worksyap
  Sanggunian sa Filipino (SANGFIL)
  C/o Departamento ng Filipino
  De La Salle University (DLSU), Manila
  2401 Taft Avenue, Manila
  Mobile Phone Blg.: 0919-247-0035
  Email Address: enaj2911@yahoo.com

Sally: DA-LAKBAY-TURO 2014 (SANGFIL)
0115-Pebrero 7, 2014/2-10-13